**Acordesweb.com**

**Wag Na Muna**
**Gagong Rapper**

Wag Na Muna
Gagong Rapper

```
   Intro: A-E-F#m-E-pause

                    Chorus
  A                              E
   Panaginip ko sa  yo giliw hanggang sa paggising
       F#m                    E
   Nangingibabaw sa isip na ikaw ang kapiling
  A                                E
   Sana y wag nang magbago pa ang puso kong ito
      F#m                    E
   Sinisigaw ng damdamin na wag ibigay sa  yo

   (Do chord pattern A-E-F#m-E for entire song)

   Di makalimot oras ko y umiikot
   Sakit sa ulo ang mga naidulot
   Lumilibot mga mata ko
   Para humanap ng iba pero di magawa  to
   Nagulo na, sabi mo wag na muna
   Bat di mo pa sinabi nung una
   Nang di na umasa ng ilang taon
   Magbabago pa ba ang iyong desisyon

   Tumamlay sa sinabi mo, sumakit ang ulo ko
   Di makakain kahit may nakahain
   Di pinapansin ang pagkain
   Mahalin ka is da best thing
   Umibig is may favorite thang
   Kaso nga lang di magkatuluyan
   Sa pagbalik ko sana ikaw pa y andiyan

   Every mornin , pagsapit ng umaga
   Naaalala kung kailan ba makakamit ang mga tala
   O bakit nga ba, mga tugon puro saka na
   Gusto mang mawalan ng gana
   Di ko magawa, laging tulala
   Umaasa na puso mo y mapana
   Nang tuluyan nang magtagpo ang ating tadhana
   Nang tumigil na ang panghaharana

   (Repeat Chorus)

   You are mah booh, yah mah everythang
   Kakanta na rin ako even I can t sing
```

Piling ko ba ngayon ako ay mapa-praneng
Pintig ng puso ko, pangalan mo dinadaeng
Hindi maisip kung saan ba nagkamale
Sabihin mo kung anong pagkakamali
Walang maisip at ako ay laging tulala
Laging nakatingin singkit mong mga mata

Kahit di man ngayon, umaasa na kahit bukas
Pag-ibig ko na lampas sana akin nang mailabas
Nakabakas ang nakaraan at sumpaan
Kalimutan ka ay paano kung ika y kailangan
Di mapigilan mata kong pagod sa pag-iyak
Pangakong binitawan sa iyo ito y tiyak
At kung papatak ang luha ako ang s yang pupunas
Sa kalungkutang dinaranas ako ang lunas, boo

(Repeat Chorus)

Ako y nawala, lumayo na nga sa piling mo
Sorry sa pangako, ngunit di pa pwede maging tayo
Naging malabo, biglang dumami ang hadlang at kabilang
Iyong kahapon na di maiwasan
At kahit masaktan pag-ibig ko muna ibabaon
Hangga t sa dumating ang tamang panahon at sa pagkakataon
Sana di maglaon ang pag-ibig na pabaon

Pangako sa isa t isa, balang araw magsasama
Tayong dalawa sa tuwina kahit na nga maghintay na muna
Pangako sa iyo, ito y totoo, walang halong biro
Kahit panaginip lang ito mahigit pa sa totoo
Katumbas nito mahal kita
Yan ay wag mong kakalimutan
Kahit masaktan makamtan at aking mahagkan

At malayo ka man sa isipan ay malapit
Lalong lumalapit kahit panaginip
Pero bakit kelangan pa to mangyari
Na kunwari para bang Hiraya-manawari
Na di ko na mawari at sari-sari
Na uri parang pinuri ng isang hari
Ako ang prinsepe at ikaw ang prinsesa
At balang araw darating din ang sopresa

(Repeat Chorus 2x)